

Ang Mga Bata

ay Mga Biktima at Mga saksi



ng Krimen

Minsan, ang mga bata at nagiging mga biktima o mga saksi ng krimen. Mula sa pagsaksi ng domestikong (pantahanan) na karahasan hanggang sa pagiging mga pangunahing mga pinupuntirya ng abuso at pagpapabaya, hanggang sa pagdanas ng ibang mga krimen, ang ating mga kabataan ay nakakasaksi ng libu-libong mga krimen bawat taon. Ang Estado ng Washington ay nagtatag ng mga sumusunod na mga karapatan upang tulungan na protektahan ang batang mga biktima at mga saksi sa criminal (pangkrimen) at/o juvenile (pambata/tin-edyer) na sistema ng korte.

Nakuha mula sa Revised Code of Washington 7.69A.030

Alamin

ang mga Karapatan ng Mga Bata



Office of Crime Victims Advocacy

OCVA Hotline

1- (800) 822-1067

- ✓ Upang lahat ng mga legal na mga paglilitis at/o imbestigasyon ng mga pulis kung saan maaaring may kinalaman ang isang bata ay mapaliwanag sa wika na madali nilang maintindihan.
- ✓ Taglay ang pag-respeto sa mga batang biktima ng karahasan o sekswal na mga krimen, ang magkaroon ng tagapagtanggol ng biktima ng krimen o ibang taong susuporta sa kahit na anong prosecutorial (pagsasakdal) o defense (depensa) na mga interbyu.
- ✓ Upang mabigyan ng ligtas na lugar ng antayan kailanmat posible habang nagaganap ang mga paglilitis at magkaroon ng isang tagapagtanggol o taong sumusuporta na manatili kasama ang bata bago at habang nagaganap ang paglilitis sa korte.
- ✓ Na hindi ibigay ang mga pangalan, mga adres, o mga litrato sa kahit kanino na nasa labas ng sistema ng hustisya para sa mga krimen (criminal justice system) na walang permiso ng bata o nga tagapagbantay.
- ✓ Upang payagan ang isang tagapagtanggol na gumawa ng mga rekomendasyon sa prosecuting (naghabla) na abogado tungkol sa abilidad ng bata na makipag-ugnayan sa prosecution (pag-uusig) at ang posibleng maging epekto ng mga paglilitis sa bata.
- ✓ Upang payagan ang isang tagapagtanggol na magbigay ng impormasyon sa korte hinggil sa abilidad ng bata na umintindi ng likas ng mga paglilitis.
- ✓ Upang mabigyan ng impormasyon o isangguni sa nararapat na mga ahensiya para sa panlipunan na serbisyo (social service).
- ✓ Upang payagan na ang isang tagapagtanggol ay humarap sa korte kung saan ang bata ay tetestigo upang mabigyan ng emosyonal na suporta ang bata.
- ✓ Upang makapagbigay ng impormasyon sa korte ukol sa pangangailangan ng paghaharp ng iba pang mga taong susuporta na naroon sa mga paglilitis sa korte habang ang bata ay tetestigo upang mataguyod ang pakiramdam ng bata na pagkaproteksiyon at pagkaligtas.
- ✓ Upang payagan ang mga ahensiya na nagpapa-iral ng batas na humingi ng tulong sa iba pang mga propesyonal na tauhan tulad ng serbisyo ng pagprotekta na bata (child protection services), mga tagapagtanggol ng biktima, o prosecutorial (hinggil sa pagsasakdal) na mga enpleyadong bihasa sa pag-iinterbyu ng isang batang biktima.